

GABAY SA MAMAMAYAN

SERBISYONG DENTAL

Programang Pasig Dental Health na makatulong upang mabawasan ang porsyento ng taong nagkakaroon ng problema sa pagkabulok ng ngipin at maging sa mga sakit sa giligid at bibig sa ating bansa. Layunin din na matulungan ang mga taong walang kakayahang matustusan ang suliraning dental at magkaroon ang taga-Pasig ng alternatibong serbisyo kung limitado ang mga serbisyong maibibigay ng mga Barangay Health Centers.

MGA SERBISYONG BINIBIGAY:

- | | | |
|--------------------------------------------------------|---------------------------------------------|--------------------------------|
| * Konsultasyon | * Linis ng ngipin at bibig | * Pagsusuri ng ngipin at bibig |
| * Linis ng ngipin at bibig ng mga buntis | * Pagpasta ng ngipin | * Panoramic Radiograph |
| * Payong pangdental | * Paglagay ng plurayd sa ngipin ng mga bata | * Cephalometric Radiograph |
| * Sabayang pagsisipilyo sa mga pampublikong eskwelahan | | * Bunot ng ngipin |

| DIVISION | DENTAL OFFICE/ DENTAL HEALTH OFFICE |
|----------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Klasipikasyon | Simple |
| Uri ng Transaksyon | G2C- Government to Citizens |
| Sino ang maaaring makakuha ng serbisyo? | Pasigueños (sa Health Center ng bawat barangay) Pasigueños at Hindi Pasigueños (sa Dental Opis Pasig City Hall) |
| MGA KAKAILANGANIN | SAAN MAAARING KUNIN? |
| 1. Kards ng pagkakakilanlan- Voter's ID Senior's ID Philhealth ID | COMELEC Senior Citizen's Office Philhealth Office |
| 2. Referral galing sa Lisensyadong Dentista | Dentistang Nagrefer |
| 3. Kung menor de edad, kailangan may kasamang magulang o tagapag-alaga | n/a |

DENTAL OPIS

| Blg. | PROSESO NG PAGPAPAKONSULTA | TUGON NG BARANGAY HEALTH CENTER | BAYAD SA PAGPROSESO | | ORAS NG PAGPROSESO | MGA INAASAHANG TUTUGON |
|------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------|---------------------|----------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------|
| | | | Pasigüeños | Non Pasigüeños | | |
| 1. | <p>Ang pasyenteng tutungo sa Pasig Dental Office ay kinakailangang magprisinta ng sumusunod:</p> <p>A. Para sa Pasigüeños A.1 Kard ng pagkakakilanlan na naglalaman ng adres ng pasyente. Voter's ID Seniors Citizen's ID Philhealth ID A.2 Referral Slip Galing sa lisensyadong Dentista ng gobyerno o sa pribadong Klinika</p> <p>B. Para sa Hindi Pasigüeños B.1 Referral o Reseta ng dentista mula sa gobyerno o pribadong klinika/ Kumpanya o ahensya. B.2 Magpakita ng kahit na anong kard ng pagkakakilanlan.</p> | | | | 10 minuto hanggang 2 oras depende sa bigat na kailanganing isagawang pagtugon sa suliraning dental. | Pasyente |

| | | | | | | |
|---|-----------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------|------|-----------------------|-------------------------------------------------------------------------|
| 2 | Makipag-ugnayan sa Dental Aide o sa Dental Assistant/ PHA ukol sa dahilan nang pagpunta | <ol style="list-style-type: none"> 1. Pagbibigay ng nararapat na medikal na tugon sa pasyente lalo na ku ng may sintomas ng COVID 19. 2. Tingnan ang mga dokumentong dala ng pasyente. 3. Paggabay sa pasyente sa pagpapasagot sa Individual Treatment Records at iba pang form kasama na ang personal na impormasyon ukol sa COVID 19. 4. Kunin ang vital signs ng pasyente (BP, etc.) at itala ito sa Individual Treatment Record (ITR). 5. Pagbigay ng hudyat kung nararapat nang tanggapin ng dentista ang pasyente. | WALA | WALA | 10 hanggang 15 minuto | <p>Alma Bejarin</p> <p>Desiree Jean Aragon</p> <p>Raiza Jill Garcia</p> |
|---|-----------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------|------|-----------------------|-------------------------------------------------------------------------|

| | | | | | | |
|---|---------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--|--|----------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 3 | Isangguni sa Dentista ang sadya sa pagtungo | <p>1. Pagbibigay ng konsultasyon o pagsusuri ng ngipin.</p> <p>2. Pagbasa sa medical na kasaysayan ng pasyente.</p> <p>3. Pagbibigay ng karampatang paggamot sa suliraning dental ng pasyente.</p> <p>4. Pagbigay ng reseta ng gamot.</p> <p>MGA SERBISYONG DENTAL</p> <p>1. Pagsusuri ng ngipin at bibig</p> <p>2. Bunot ng ngipin</p> <p>3. Pagpasta ng ngipin a. Temporaring pasta b. Permanenteng pasta c. Pit and Fissure Sealant</p> <p>4. Paglagay ng plurayd</p> <p>5. Linis ng ngipin at bibig</p> | | | Depende sa pagsusuri at paggamot na gagawin. | <p>Dr. Ben Hur Hernandez</p> <p>Dr. Ziela Elita Angelica Locquiao</p> <p>Dr. Laurice Marie Arabella Magpali</p> |
| | | | | | | |

| | | | | | | |
|---------|------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------|----------------------------------|------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------|
| | | 6. Panoramic/ Cephalometric Radiograph | 240.00 | 300.00 | | |
| | | 7. Referral para sa isang Dentista o Pasilidad Pangdental | - | - | | |
| | | 8. Konsultasyon at pagpapayong dental | - | - | | |
| | | 9. Paggamot sa Kirod Konsultasyon at Pagreset | - | - | | |
| 4 | Lumapit sa Dental Assistant para sa pagkuha ng Order ng Pagbayad | Magbigay ng Order ng Pagbayad batay sa isinagawang paggamot | WALA | WALA | 5 minuto | Alma Bejarin Desiree Jean Aragon Raiza Jill Garcia |
| 5. | Magbayad sa Cashier | Tanggapin ang bayad at magbigay ng resibo | WALA | WALA | 5 hanggang 10 minuto | Cashier |
| 6. | Pagkabayad, muling bumalik sa Dental assistant at kunin ang kopya ng resibo ng binayaran | Ipa-kopya ang orihinal na resibo at kunin ang kopya para sa pagtatala sa dental rekord. | WALA | WALA | 5 minuto | Alma Bejarin Desiree Jean Aragon Raiza Jill Garcia |
| KABUJAN | | | Depende sa paggamot na isinagawa | Depende sa paggamot na isinagawa | 30 minuto hanggang 2 oras depende sa paggamot na isinagawa | |

PUNA AT REKLAMO

| PUNA AT REKLAMO | |
|------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Paano magpadala ng puna? | Sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe sa telepono o email address ng klinika. , maaari rin sa mga suggestion box. |
| Paano pinoproseso ang naging puna? | Ang mga puna, suhestiyon o opinyon na natanggap na personal na idinulog sa klinika, ipinabaot sa pamamagitan ng tawag sa telepono ay pinag-aaralan at agarang binibigyan ng tugon. Ang mga punang ipinadaan sa Email o pasulat ay pinag-aaralan at agarang binibigyan ng tugon kung saan ipinadala ang puna. |
| Paano magsumite ng reklamo? | Sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe sa telepono o email address ng klinika. , maaari rin sa mga suggestion box. |
| Paano pinoproseso ang mga naging reklamo | Kung ang reklamo ay tungkol sa suliraning dental na isinagawa ang gamutan sa klinika , ang dentistang nagsagawa ng paggagamot ang haharap sa reklamo. Ngunit kung ang idinulog na reklamo ay may koneksyon sa iba pang problema maliban sa suliraning dental, ang reklamo ay iaakyat sa susunod na may mataas na katungkulan para pag-aralan at magsagawa ng karampatang solusyon. |